


24 Medium/Small Business Consultant

Ang trabaho ng isang medium/small business consultant ay suriin at bigyan ng payo ang mga negosyante kung anong paraan ang kailangan gawin para mapaunlad ang negosyo. Ayon sa batas kinakailangan ng lisensya sa ganitong trabaho.

Ang pangkaraniwang ginagawa ng ganitong klaseng trabaho ay bigyang ng payo at tulungan ang business firm na mapaunlad ang kanyang maliit na negosto ngunit ang pinakaparticular na tungkulin nila ay mamagitan sa negosyante at pamahalaan o financial institution at dahil sa lawak ng kanilang kaalaman, hinahangand nila na mabigyang ng tamang hakbang at suporta ang mga negosyante.

Para maging isang Business Consultant



<Maagang preparasyon>

Napakalawak ng sakop ng mga tanong sa eksaminasyong ito at napakahirap malampasan ang dalawang pagsusulit (1st at 2nd examination), at kung ikukumpara ang format at antas ng kahirapan, isa ito pinakamahirap na National Board Exam. Pagbutihin ang pag-aaral ng Nihonggo at iba pang subjects sa paaralan, ganun din ang paghahasa ng sariling salita.

<kung makakuha ng kuwalipikasyon, saan maaring magtrabaho>

Kung magiging isang small/medium business consultant, maaring magtrabaho sa mga consulting firm at maaari ding magtrabaho sa ibang kompanya o magtayo ng sariling consulting firm. Ang average na suweldo 7,800,000 yen at maaari pang tumaas depende sa abilidad.

<Magkano ang magagastos sa pag-aaral (tuition fee)?>

Sa mga national universities, aabutin ng mahigit sa 2,400,000 yen (4 na taon), sa mga private universities mahigit 4,000,000 yen (4 na taon).